Mga Awit ng Pasasalamat
[Thanksgiving Hymns / *Hodayot*]

Awit 29
[1QH^{a} 19:30b-31]
[isinalin ni Ralph Marion Victa mula sa *The Dead Sea Scrolls: A New Translation* nila Michael Wise, Martin Abegg Jr. and Edward Cook, 2005]

Ikaw ay pinagpala, O Maykapal,
Sapagkat iyong binigay sa iyong lingkod
Ang pang-unawa sa karununga
Upang maunawaan ang iyong kamangha-manghang mga gawa
At ang tamang pag-tugon sa pag-gunita ng iyong mabiyayang awa.

Awit 30
[1QH^{a} 19:32-35a]
[isinalin ni Ralph Marion Victa mula sa *The Dead Sea Scrolls: A New Translation* nila Michael Wise, Martin Abegg Jr. and Edward Cook, 2005]

Ikaw ay pinagpala, O Panginoon na mahabagin at mabiyaya
Ayon sa iyong dakilang kapangyarihan
At sa iyong mabiyayang katotohanan,
At sa iyong mabiyayang awa sa lahat ng iyong mga nilalang.

Sa iyong katotohanan lugurin ang kaluluwa ng iyong lingkod
At ako ay iyong linisin ng iyong katuwiran.
Tulad din ng aking paghintay sa iyong kabutihan,
Akin din naman na inaasahan ang iyong awa at iyong kapatawaran.
Ikaw ang nag-alis ng aking kahirapan
At ang nag-aliw sa aking kalungkutan
Sapagkat ako ay nanalig sa iyong kahabagan.